



# Mga Prinsipyo sa Pag-uugali ng Supplier

**Nakatuon ang Zoetis sa pagpapatupad ng mga Prinsipyong ito bilang sarili nating mga Prinsipyo sa Pag-uugali ng Supplier at mariing hinihikayat ang ating mga supplier na sumunod sa mga ito.**

**Ang mga supplier na sumusuporta sa mga Prinsipyo ay:**

- Isasama at ilalapat ang mga Prinsipyong ito sa paraang naaayon sa sarili nilang mga programa bilang supplier;
- Maniwala na ang lipunan at negosyo ay pinakamahusay na mapaglilingkuran sa pamamagitan ng mga responsableng pag-uugali at kasanayan sa negosyo;
- Pangunahin sa paniniwalang ito ang pag-unawa na ang isang negosyo ay dapat, sa pinakamababa, tumatakbo nang ganap na sumusunod sa lahat ng naaangkop na batas, tuntunin at regulasyon;
- Alam ang mga pagkakaiba sa kultura at ang mga hamon na nauugnay sa pagbibigay-kahulugan at paglalapat ng mga Prinsipyong ito sa buong mundo. Bagama't naniniwala ang mga supplier na sumusuporta sa mga Prinsipyo na pangkalahatan ang inaasahan, nauunawaan na ang mga pamamaraan para matugunan ang mga inaasahang ito ay maaaring iba-iba at dapat ay naaayon ang mga ito sa mga batas, pinapahalagahan, at inaasahan ayon sa kultura ng iba't ibang lipunan sa mundo; at
- Naniniwala na ang mga Prinsipyo ay pinakamahusay na naipapatupad sa pamamagitan ng diskarteng tuloy-tuloy na pagpapabuti na nagpapasulong sa pagganap ng supplier sa paglipas ng panahon.

## **Paggawa**

Ang mga supplier ay dapat na nakatuon sa pagtataguyod sa mga karapatang pantao ng mga manggagawa at tratuhin sila nang may dignidad at paggalang.

### **Malayang Piniling Pagtatrabaho**

Ang mga supplier ay hindi dapat gumamit ng sapilitan, panagot-utang o nakakontratang pagtatrabaho na walang sahod o hindi boluntaryong pagtatrabaho sa bilangguan.

### **Pagtatrabaho ng Bata at mga Batang Manggagawa**

Ang mga supplier ay hindi dapat gumamit ng manggagawang bata. Ang pagtatrabaho ng mga batang manggagawa na wala pang 18 taong gulang ay dapat lamang mangyari sa hindi mapanganib na trabaho at kapag ang mga batang manggagawa ay higit sa legal na edad ng pagtatrabaho sa isang bansa o sa edad na itinakda para sa pagkumpleto ng kinakailangang edukasyon.

### **Pagkakaiba-iba at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian**

Ang mga supplier ay dapat na magsikap na bigyang-daan ang isang inklusibong kultura at tumuon sa pagsusulong ng pagkakaiba-iba at pagkakapantay-pantay ng kasarian sa kanilang organisasyon at supply chain.

Ang mga supplier ay dapat magkaroon ng mga inisyatiba na itaguyod ang pagkakaiba-iba ng supplier at ipakita ang pagkakaiba-iba at pagkakapantay-pantay ng kasarian sa kanilang mga koponan.

## **Walang Diskriminasyon**

Ang mga supplier ay dapat magbigay ng lugar ng trabaho na walang panliligalig at diskriminasyon. Ang diskriminasyon sa mga kadahilanan tulad ng lahi, kulay, edad, kasarian, pagkakakilanlang kasarian o pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong sekswal, etnisidad, kapansanan, relihiyon, kaugnayan sa pulitika, pagiging miyembro ng unyon o katayuan sa pag-aasawa ay hindi katanggap-tanggap.

## **Makatarungang Pagtrato**

Ang mga supplier ay dapat magbigay ng lugar ng trabaho na walang malupit at hindi makataong pagtrato, kabilang ang anumang sekswal na panliligalig, sekswal na pang-aabuso, pisikal na pagpaparusa, mental o pisikal na pamimilit o pasalitang pang-aabuso sa mga manggagawa, at walang anumang banta ng ganoong pagtrato.

## **Sahod, mga Benepisyo at Oras ng Trabaho**

Dapat bayaran ng mga supplier ang mga manggagawa ayon sa mga naaangkop na batas sa sahod, kabilang ang pinakamababang sahod, oras ng overtime, at mga ipinag-uutos na benepisyo.

Dapat sabihin ng mga supplier sa manggagawa ang batayan kung saan sila binabayaran sa isang napapanahong paraan.

Inaasahang kakausapin din ng mga supplier ang manggagawa kung kailangan ang overtime at ang mga sahod na babayaran para sa naturang overtime.

## **Kalayaan sa Pagsasama**

Hinihikayat ang bukas na komunikasyon at direktang pakikipag-ugnayan sa mga manggagawa upang malutas ang mga isyu sa lugar ng trabaho at kompensasyon.

Dapat igalang ng mga supplier ang mga karapatan ng mga manggagawa, gaya ng itinakda sa mga lokal na batas, na malayang magsama-sama, sumali o hindi sumali sa mga unyon ng manggagawa, humingi ng representasyon, at sumali sa mga konseho ng mga manggagawa. Ang mga manggagawa ay dapat malayang makakausap ang pamunuan kaugnay sa mga kondisyon sa trabaho nang walang banta ng paghihiganti, pananakot o panliligalig.

## **Etika**

Dapat isagawa ng mga supplier ang kanilang negosyo sa isang etikal na paraan at kumilos nang may integridad.

### **Integridad sa Negosyo at Patas na Kumpetisyon**

Ipinagbabawal ang lahat ng katiwalian, panggingikil at panlulustay.

Ang mga supplier ay hindi dapat magbayad o tumanggap ng mga suhol o makilahok sa iba pang ilegal na panghihikayat sa mga relasyon sa negosyo o pamahalaan at dapat na iwasan ang mga salungatan ng interes (sariling pakikitungo) sa mga empleyado ng Zoetis. Dapat isagawa ng mga supplier ang kanilang negosyo nang naaayon sa patas at masiglang kumpetisyon at nang sumusunod sa lahat ng naaangkop na batas sa anti-trust at mga batas sa pagsunod sa kalakalan. Ang mga supplier ay dapat gumamit ng patas na mga kasanayan sa negosyo kabilang ang tumpak at makatotohanang pag-advertise.

### **Pagtukoy sa mga Alalahanin**

Dapat hikayatin ang lahat ng manggagawa na mag-ulat ng mga alalahanin o ilegal na aktibidad sa lugar ng trabaho nang walang banta ng paghihiganti, pananakot, o panliligalig. Ang mga supplier ay dapat mag-imbetiga at magsagawa ng pagwawasto kung kinakailangan.

### **Kapakanan ng Hayop**

Ang mga hayop ay dapat tratuhin nang makatao nang binabawasan ang pananakit at stress. Dapat isagawa ang pagsusuri sa hayop pagkatapos isaalang-alang ang pagpapalit ng mga hayop, upang mabawasan ang bilang ng mga hayop na ginagamit, o upang mapino ang mga pamamaraan upang mabawasan ang pagkabalisa.

Dapat gamitin ang mga alternatibo saanman ito maaari batay sa siyensya at katanggap-tanggap sa mga tagapamahala.

### **Pagkapribado at Seguridad ng Impormasyon**

Dapat panatilihin ng mga supplier ang naaangkop na mga kasanayan sa seguridad ng impormasyon at pag-iingat at gagamit lamang nang wasto ng intelektwal na ari-arian at kumpidensyal na impormasyon ng Zoetis at ng supplier upang matiyak na protektado ang mga karapatan sa pagkapribado ng supplier, Zoetis, manggagawa, at pasyente at mapanatili ang pagpapatuloy ng negosyo.

## Kapaligiran

Ang mga supplier ay dapat magpatakbo sa responsable sa kapaligiran at sa mahusay na paraan upang mabawasan ang masasamang epekto sa kapaligiran at dapat panatilihin ang mga proseso at pamamaraan upang matiyak ang napapanatiling pagkuha ng lahat ng mineral at hilaw na materyales.

Hinihikayat ang mga supplier na magtipid ng enerhiya at likas na yaman, iwasan ang paggamit ng mga mapanganib na materyales kung posible, at gumawa ng mga aktibidad na muling gumagamit at nagre-recycle ng mga materyales.

### Mga Awtorisasyong Pangkapaligiran

Dapat sumunod ang mga supplier sa lahat ng naaangkop na regulasyon sa kapaligiran. Ang lahat ng kinakailangang pangkapaligirang pahintulot, lisensya, pagpaparehistro ng impormasyon, at mga paghihigpit ay dapat kunin at dapat sundin ang mga kinakailangan nito sa pagpapatakbo at pag-uulat.

### Basura at mga Emisyon

Ang mga supplier ay dapat magkaroon ng mga sistema upang matiyak ang ligtas na pangangasiwa, paglipat, pag-imbak, pag-recycle, muling paggamit, o pamamahala ng mga basura, mga emisyon sa hangin, at mga pagpapalabas ng nagamit na tubig. Ang anumang basura, nagamit na tubig o mga emisyon na may potensyal na makasama sa kalusugan ng tao o kapaligiran ay dapat nararapat na pangasiwaan, kontrolin, at i-treat bago ilabas sa kapaligiran.

### Mga Pagtapon at Pagpapalabas

Ang mga supplier ay dapat magkaroon ng mga sistema upang maiwasan at mabawasan ang mga aksidenteng pagtapon at paglabas ng mga gasolina, hilaw na materyales, kemikal, intermediate, produkto, at iba pang mga mapanganib na materyales sa kapaligiran.

## Kalusugan at Kaligtasan

Ang mga supplier ay dapat magbigay ng ligtas at maayos na kapaligiran ng trabaho, kabilang ang anumang safeguard.

### Proteksyon ng Manggagawa

Dapat protektahan ng mga supplier ang mga manggagawa mula sa labis na pagkakalantad sa kemikal, biyolohikal, pisikal na mga panganib at pisikal na mabibigat na mga gawain sa lugar ng trabaho at sa alinmang tirahang ibinibigay ng supplier.

### Kaligtasan ng Proseso

Ang mga supplier ay dapat magkaroon ng mga programa upang maiwasan o mabawasan ang mga sakunang dulot ng paglabas ng mga kemikal.

### Kahandaan at Pagtugon sa Emergency

Dapat tukuyin at tasahin ng mga supplier ang mga sitwasyong pang-emergency sa lugar ng trabaho at sa anumang tirahang ibinibigay ng supplier, at upang bawasan ang epekto nito sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga planong pang-emergency at mga pamamaraan ng pagtugon.

### Impormasyon sa Panganib

Dapat maging available ang impormasyong pangkaligtasan na may kaugnayan sa mga mapanganib na materyales - kabilang ang mga pharmaceutical compound at pharmaceutical intermediate na materyales - upang maturuan, masanay, at maprotektahan ang mga manggagawa mula sa mga panganib.

## Mga Sistema ng Pamamahala

Ang mga supplier ay dapat gumamit ng mga sistema ng pamamahala upang mapadali ang patuloy na pagpapabuti at pagsunod sa mga inaasahan sa mga prinsipyong ito.

### Pagtuon at Pananagutan

Ang mga supplier ay dapat magpakita ng pagtuon sa mga konseptong inilarawan sa dokumentong ito sa pamamagitan ng paglalaan ng mga naaangkop na resource at magpakita ng pagtuon ng nakatataas na pamunuan.

### Mga Kinakailangan ng Batas at Customer

Dapat tukuyin at sundin ng mga supplier ang mga naaangkop na batas, regulasyon, pamantayan at mga nauugnay na kinakailangan ng customer.

### **Pamamahala ng Panganib**

Ang mga supplier ay dapat magkaroon ng mga mekanismo upang matukoy at mapamahalaan ang mga panganib sa lahat ng lugar na tinutugunan ng dokumentong ito.

### **Dokumentasyon**

Dapat panatilihin ng mga supplier ang dokumentasyong kinakailangan upang maipakita ang pagsunod sa mga inaasahan na ito at pagsunod sa mga naaangkop na regulasyon.

### **Pagsasanay at Kakayahan**

Ang mga supplier ay dapat magkaroon ng programang pagsasanay na nagkakamit ng naaangkop na antas ng kaalaman, kasanayan at kakayahan sa pamamahala, at mga manggagawa na tutugon sa mga inaasahang ito.

### **Kalidad**

Dapat matugunan ng mga supplier ang lahat ng naaangkop na pangkalahatang kinikilala o ipinag-uutos sa kontrata na mga kinakailangan sa kalidad upang makapagbigay ng mga produktong patuloy na nakakatugon sa mga pamantayan ng Zoetis at ligtas para sa nilalayon na paggamit sa mga ito.

### **Patuloy na Pagpapabuti**

Inaasahang patuloy na huhusay ang mga supplier sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga layunin sa pagganap, pagsasagawa ng mga plano sa pagpapatupad at pagsasagawa ng mga kinakailangang hakbang sa pagwawasto para sa mga kakulangan na natukoy ng panloob o panlabas na mga pagtatasa, inspeksyon, at mga pagsusuri ng pamamahala.

## **Pag-uulat**

Ang Zoetis ay may Patakarang Bukas na Pakikipag-ugnayan upang makatulong na masiguro na naihahayag ang mga tanong at alalahanin upang angkop na matugunan ang mga ito. Hindi natin kinukunsinti ang anumang uri ng paghihiganti laban sa mga kasamahan na nagpapahayag ng mga alalahanin sa mabuting hangarin tungkol sa mga aktwal o potensyal na pang-aabuso. Maaari mong iulat ang anumang hinala o ebidensya ng mga pang-aabuso sa mga Prinsipyong ito sa supply chain ng mga operasyon ng Zoetis sa Legal na function, [legal@zoetis.com](mailto:legal@zoetis.com) o sa 973-822-7000 sa pamamagitan ng ating linya ng tulong sa pagsunod sa [compliance@zoetis.com](mailto:compliance@zoetis.com) o sa 1-855-322-9944. Maaari ka ring mag-ulat ng alalahanin nang hindi nagpapakilala sa pamamagitan ng Linya ng Tulong sa Pagsunod ng Zoetis. Ang Linya ng Tulong sa Pagsunod ay maaaring maabot sa pamamagitan ng telepono, o online sa pamamagitan ng web-reporting tool, at magagamit 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, 365 araw sa isang taon; at iniaalok sa 70 wika. Ang Linya ng Tulong sa Pagsunod ay pinamamahalaan ng espesyal na sinanay na mga kinatawan ng ikatlong partido:

- Numero ng Linya ng Tulong sa Pagsunod\* (U.S. at Canada): 1.855.322.9944  
\* Para sa mga numero ng Linya ng Tulong sa Pagsunod sa labas ng U.S. at Canada, [mag-click dito](#).
- Web-Reporting Tool ng Linya ng Tulong sa Pagsunod: <http://zoetis.ethicspoint.com>